# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

## Protektahan ang mga bata.




**Sa Saitama, madalas nangyayari na ang mga bata ay kinakausap o sinusundan ng mg kahina-hinalang tao sa park o sa kalsada.**



## Ang apat na bagay na dapat ituro ng mga magulang sa anak.



### Huwag sumama sa di-kilalang tao.

**Sa pamilya lamang puwedeng sumama.**



### Iwasang maging mag-isa sa labas.

**Huwag maglaro nang mag-isa.**
**Iwasang maging mag-isa sa pagpasok sa school at sa pag-uwi.**



### Sumigaw at humingi ng tulong kapag natakot.

**Sumigaw at humingi ng tulong kapag natakot.**



### Magpaalam muna sa pamilya bago umalis ng bahay.


**Sabihin na lamang sa pamilya kung sino ang kasama mo, saan ka pupunta at anong oras ka uuwi.**



# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

# Mag-ingat sa snatcher!



Sa Saitama, maraming babae ang nabibiktima ng snatcher habang sila ay lumalakad o nagbibisikleta.

## Ang mga tips para hindi maging biktima ng snatcher

### Bitbitin ang bag nang malayo sa daanan ng sasakyan.

**Ang bag ay dapat mahigpit na hawakan at bitibitin nang malayo sa daanan ng sasakyan.**



### Huwag bitawan ang mga mahalagang gamit.



**Pag-ingatan palagi ang mga mahalagang gamit para hindi maagaw ng snatcher.**

### Maglagay ng safety cover sa basket ng bisikleta.

**Maglagay ng safety cover nang maayos sa basket ng inyong bisikleta.**



### Mag-ingat palagi sa paligid.



**Dapat laging mag-ingat sa paligid.**

**Lumigon paminsan-minsan para alamin kung may sumusunod sa inyo.**

# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

## Mag-ingat sa magnanakaw ng bisikleta.



Sa Saitama, maraming bisikleta ang ninanakaw hindi lamang mula sa bicycle parking area o sa kalsada, kundi mula sa bakuran ng bahay.

Maraming mountain bike din ang ninanakaw.

## Ang mga tips para hindi nakawin ang inyong bisikleta

### Huwag iwan sa kalsada!Ilagay sa parking area.

Hindi ba ninyo iniiwan sa kalsada ang inyong bisikleta habang namamalengke?

Kahit sandaling oras, iparada na lang sa parking area.




### I-lock palagi ang inyong bisikleta!!

Ang mahigit kalahati ng mga ninakaw na bisikleta ay hindi naka-lock noon.

I-lock palagi ang inyong bisikleta!!



# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

# Mag-ingat sa bukas-kotse!!



Sa Saitama, maraming kotse ay pinagnanakawan. Ang mga bag, wallet o mga electric tool atbp ay kinukuha mula sa mga kotse.

## Ang mga tips para hindi manakawan

### I-lock ang kotse kung iiwan ito.

Siguruhing i-lock ang kotse kahit sandali lamang ito iiwan.



### Huwag iwan ang mga gamit sa loob ng kotse.

Huwag iwan ang mga mamahaling gamit sa loob ng kotse.



### I-park ang inyong kotse sa maayos na parking lot.

I-park ang kotse sa parking lot na may ilaw at CCTV.



### Gumamit ng security items



# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

## Protektahan ang bahay mula sa magnanakaw!!



Sa Saitama, maraming bahay ay pinapasok ng mga akyat-bahay mula sa mga bintanang hindi naka-lock.

## Ang mga tips para hindi nakawan ang inyong bahay

### Huwag kalimutang i-lock ang pinto!!

I-lock ang pinto kung kayo ay aalis ng bahay kahit sa sandaling oras lang kagaya ng pagtapon ng basura.



### Maglagay ng extra lock sa bintana!!

Maglagay ng extra lock sa bintana.



### Madaling akyatin ang 2F o mas mataas pa.

Ang magnanakaw ay magaling pumasok sa bahay.

I-lock ang mga bintana kahit nasa 2nd floor o mas mataas na lugar.



### Dapat i-lock ang pinto kahit nasa bahay kayo!!

Kahit nasa bahay kayo, maaaring pasukin ng magnanakaw ang kuwartong walang tao.

I-lock palagi ang pinto at ang bintana ng inyong bahay.



# Balitang Iwas-Krimen

Community Safety Administration Division
Saitama Prefectural Police Headquarters
TEL 048-832-0110

## Protektahan ang sarili mula sa manyakis!!



Sa Saitama, maraming babae ang nabibiktima sa panmomolestya.

Madaling mabiktima ang mga babaeng naglalakad nang mag-isa lalo na sa gabi.



## Ang mga dapat gawin para hindi kayo mabiktima.



### Dumaan sa maliwanag at mataong lugar.

Delikadong dumaan sa hindi mataong lugar katulad ng eskinita.

Dumaan lamang sa maliwanag at mataong lugar.



### Magdala ng security buzzer.

Magdala ng security buzzer at dapat laging itong handang gamitin.



### Delikadong may ginagawa kayo habang naglalakad

### 「Ang pakikinig ng music sa earphone habang naglalakad」

### 「Ang paggamit ng cellphone habang naglalakad」



Hindi kayo agad makakapansin sa masasamang loob na lumalapit sa inyo kung may ginagawa kayo habang naglalakad. Delikado ito at huwag lamang gawin.